**Abstract**
"Sekta" is a chapter from "Scentlebrity," a satire that sniffs out the stink of an alternate Philippines, transformed by a mysterious cologne called U d Toilet. This short story presents a survey of fictional cults and sects, including one that is rumored to be the true origin of the so-called National Fragrance.

**English title**
Sect

**Keywords**
sex, cult, religion, fanatic, faith healer, satire, pinoy punk music, taguig, laguna bay, satanista, ayala ave, makati, documentary, semana santa

# SEKTA

**ZOSIMO QUIBILAN JR.**

KAKANLURANIN ANG KASABIHAN patungkol sa mga kuneho at malilibog. Kaya nga maling tawagin silang Kulto Kuneho. Konserbatibo manamit ang mga miyembro ng sekta. Lahat sila nakaputi. Mahabang baro para sa mga babae at kamiseta't pantalon sa mga lalaki.

Sila-sila lang ang nagtatahi ng mga damit. Pati mga panloob. Malalaman mo kung luma na ang suot nila kung kinamay ang pagtahi. Ilang taon pa lang ang nakalilipas nang may mag-abuloy ng kalawanging Singer. Ilang buwan pa ang dumaan bago nila matutuhang gamitin ito, bago mapaikot 'yong gulong nang hindi umiingit. 'Yong tela, nililimos lang nila. Mga sako ng harina mula sa kung saan mang panaderya. Tinatastas rin nila 'yong ilan para gamiting sinulid. Mababakas pa nga ang tatak ng Wellington Flour Mills doon sa bahaging hindi tuluyang nabanlawan ng chlorox.

Gayunpaman, masasabing may bahid rin ng katotohanan 'yong paghahambing sa kuneho. Gawa ng sukdulang kahirapan, wala naman silang ginagawa para matugunan ang panganganay. Sina Lito at Nona,

labing-isa ang anak. Sina Totong at Loida, labing-anim. May dalawa namang namatay sa panganganak at tatlong beses naagasan si Loida. Sina Estong at Maribel, labing-tatlo ang natira sa labingwalong anak. Gayundin sina Miguel at Salome, kung hindi isasama ang dalawang ipinaubaya sa bahay-ampunan dahil parehong bingot.

Makakabuo na ng isang barangay ang bilang ng mga miyembro ng KK at patuloy pa silang dumarami. Binata't dalaga na ang mga nakatatandang anak ng apat na mag-aasawa—apat na haligi ng KK. Hindi magtatagal, magpapares-pares na rin ang mga ito, ayon sa bersiyon nila ng bibliya.

Gaya ng ibang kulto, gabay rin nila ang sarili nilang nirepasong edisyon ng bibliya. May mga librong idinagdag at pinaghalo-halo ang Bago at Lumang Tipan. Kapansin-pansin na wala ang Levitico at Deuteronomio. Nakasulat ito sa pinaghalong Tagalog at Waray-Taray para sa mga miyembro. Meron ding mga kabanata na sa halip na titik ang nakasulat, mga numero. Parang mga pormula at talaan ng kung anuman. Kapag nangingilin sila sa gabi, binabasa nila ang mga numero na mistulang walang katapusan. Parang binibigkas ang lahat ng numero ng $\pi$ pero may nagmungkahing *e* daw talaga ito, na walang makapagpatotoo dahil imposible talagang matunton ang dulo ng mga ganitong konsepto.

Nabulgar lang ang tunay na kahulugan ng KK nang dumalaw ang isang film crew para gawan ng documentary ang lumalago nilang samahan. Magkapatid pala ang bawat mag-asawa. Kulto Kapatid pala o ayon sa mas gusto nilang tawag—Kulto Kaputol. Walang gustong magtanong dati dahil parang batid na ng lahat. Takot rin silang malaman ang katotohanan at makumpirma ang lihim na relasyon ng isa't isa. Bukod pa sa mag-asawa, magpinsang buo naman sina Totong at Maribel.

Nang dugtungan pa ang tanong tungkol sa mga magulang nila para mabigyang-linaw ang pinagmulan ng KK, sadyang hindi magkakatugma ang mga sagot ng mga haligi. Sabi ni Loida, naglalako raw ng puto't kutsinta ang tatay niya sa Catbalogan, Samar noong dekada 60 at nasumpungan ang isang inaanay na libro. Ito raw ang pinagbasehan ng KKB—Kulto Kaputol Bibliya. Nang mabasa ng Tatang ang libro, dagdag ni Loida, dali-dali niyang iniwan ang paninda at lumangoy patungong Maynila na gamit ang kawayang singkaw bilang pampalutang. Ayon naman kay Miguel, naglalako ng taho ang tatay niya sa Santa, Ilocos Sur, nang tambangan ng tatlong lasing. Matapos bugbugin ang tatay niya, pinilit raw itong manabako habang nilalasing sa tuba. Lihim niyang iniluluwa ang bawat pagtagay sa kanya kaya nang makatulog na ang mga

lasing, nagmadali siyang tumakas na tangay-tangay ang mga natirang tuyong dahon ng tabako na nirolyo. Sa pagmamadali niya, nadapa siya sa pilapil. Tumilapon naman ang mga tabako at nang bumulatlat, sumiwalat ang tekstong nakasulat doon na parang pinadaan sa imprenta. Dito nagmula ang mga karagdagang libro ng KKB gaya ng Ebanghelyo ni Lam-Ang, Ang Aklat ng Danom, Kabsat-Kulto, at iba pa. Ang huli raw ang naging basehan ng pangalan ng sekta.

May kuwento rin ang iba pang Haligi pero hindi na patungkol sa pinagmulan ng bibliya nila. Ang nanay daw ni Nona, komadrona sa Ospital ng Meycauyan, Bulacan. Wala nang idinagdag si Nona dahil wala rin siyang impormasyon pa dahil inampon lang siya ng nakilala niyang nanay. Pahayag naman ni Lito na lahat ng mga magulang nila, magkababata sa Bambang, Maynila. Hindi naisama sa documentary ang bahagi ng panayam ng dalawa dahil walang naitulong ang mga ito para mapalawig pa ang alamat ng KK.

Sa isang panayam naman, sinabi ni Salome na nabuo ang mga pundasyon ng sekta sa isang pagpupulong ng mga magulang nila sa isang liblib na batis sa Siniloan, Rizal. Doon raw nila pinagsama-sama ang mga aklat ng KKB. Dahil kasalukuyang nag-aaral ng engineering ang tatay niya, naisama rin ang isang kabanata tungkol sa differential transmission.

Dahil kalat-kalat ang mga detalye, hindi makapagpasya ang director ng docu kung paano ang gagawing edit. May laman ang mga detalye at talaga namang interesante, pero parang lumolobo lang nang lumolobo ang kuwento na sa halip maghugis bilog, nagiging higanteng luya.

Para mas maging kapanapanabik ang docu, maraming hiwagang nakunan ang sadyang isinalpak sa pagitan ng mga panayam. Nariyan 'yong simpleng paglutang sa lupa habang nagdarasal ang mga Haligi. Ipinakita rin ang paglalagay ng kandila sa ilalim ng palad at iba pang bahagi ng katawan gaya ng buhok, kilay, kilikili, alak-alakan ng ilang miyembro nang hindi napapaso. May mga nakaw na footage rin ng pagtatalik ng mga Haligi na kung papanooring mabuti at pagbabasehan ang kalidad ng video ay hindi talaga nakaw kundi todo ang produksiyon. Kapansin-pansin na minsan, titingin sa camera si Loida at parang may sinasabi sa pagbukas-sara ng bibig. Sa isang bahagi naman, kumikindat-kindat si Totong sa camera na parang may ritmo ang pagtaas-baba.

Sa isang bahagi pa ng documentary, nahati sa dalawa si Lito. Habang nagsasalita sa harap ng camera, makikitang may aalis sa likod niya,

maglalakad papunta sa likod na inuulan ng dahon ng mangga. Habang patuloy na nagsasalita si Lito, makikita ang isa pang Lito sa likod niya na nagwawalis ng dahon para igatong sa siga.

Siyempre, sabi ng mga nakapanood, camera trick lang. Madali na lang gawin 'yan sa computer. Pero ang totoo, walang budget ang pelikula para duktorin kung ano mang eksenang gusto nila. Hindi rin naman naglabas ng pahayag ang director at producer para pabulaanan ang mga akusasyon laban sa kanila. Dagdag PR rin 'yon para magkaroon ng interes ang publiko.

Sa ilang paghagip pa ng camera, may isa pang Lito ang nagpipihit ng transistor. Hindi na tuloy naisama sa huling bersiyon ng docu ang paggaralgal ng pagkanta ni Andy Williams na maigi na rin dahil wala pa sa public domain ang awit.

Nang makita nila sa editing room ang dalawang (o tatlong) Lito sa footage, sinubukan nilang balikan ang kulto sa Binangonan. Wala nang naabutan ang director kundi mga kubong walang laman. Naroon pa ang lahat ng mga gamit. Mainit-init pa at umaalingasaw pa ang langis ng Singer. Maaayos pa rin ang bawat kagamitan. Parang nagbakasyon lang silang lahat at babalik rin anumang sandali.

May mga nakapanayam ang film crew na pumunta raw ang buong KK sa gubat sa gabi noong nakaraang Domingo de Ramos. Hanggang ngayong malapit na ang Araw ng mga Kaluluwa, hindi pa rin sila bumabalik. Kapansin-pansin na dumami raw ang gamugamo matapos maglaho ng KK. Dumami rin daw ang bunga ng mangga. May mga araw na mas marami pang dilaw na mangga kaysa luntiang dahon sa puno.

Anuman ang totoong nangyari, pinabayaan na lang ng mga taong hindi kasali sa kulto. Ayaw na rin nilang pagnilay-nilayan pa ang palaisipang kung hindi sila tumatanggap ng bagong miyembro, sila-sila na lang ang magiging mag-asawa. Hindi nila matatanggap 'yon. Ni hindi sasagi sa isip nila. Hindi nila papayagan. Nakakadiri. Nakakasuka. Para daw mga hayop. Parang mga kuneho. At dahil nga, naglaho silang parang anino sa dilim, walang makapagsabi kung saan nagmumula ang kapangyarihan nila. Kung totoong may kapangyarihan sila.

May kaugnayan rin sa seks ang kultong Bulong na nagsimula sa Taguig, doon sa mga barangay na nakapaligid sa Laguna de Bay. Kilala ang kulto sa salitang binibigkas pabulong ni Arnel Cordero bilang pagtanggap sa mga bagong kasapi.

*"Huwag kang kikibo, ako lang itong hihipo."*

May nauna nang mga kulto ang gumagawa nito. Pareho ang simula pero nagbabago ang karugtong. 'Yong ibang mga kulto, papalitan ang "ako" ng "Kristo" o "Diyos."

*Huwag kang kikibo. Ako si Kristong hihipo.*

*Huwag kang kikibo. Ako ang Diyos Amang hihipo.*

Nabuwag ang mga kultong ito dahil sa mariing pagkondena ng Simbahang Katoliko kahit pa saradong-sarado sa pagka-Katoliko ang lahat ng mga naunang miyembro. Kahit pa malaki ang kontribusyon ng mga miyembro sa kani-kanilang parokya.

Sa Bulong, minsan pinapalitan ni Arnel ang linya.

*Ako ang Amang hihipo.*

Papasok ang mga bagong kasapi sa madilim na kuwarto. Isa-isang hahanay hanggang mapalibutan si Arnel. Tanging piring lang ang suot nila. Bata. Matanda. Lalaki. Babae. Maririnig nila ang bulong. Kikiliti sa tenga nila ang mahangin na pagbati.

*Huwag kang kikibo.*

*Huwag kang kiki . . .*

Kikilabutan ang bawat isa hanggang sa mawala sa sarili. Ang bawat ulirat, kinukulimbat. Mawawalan ng pakiramdam pero di malilimutan ang lahat ng nangyayari kahit pa madilim. Lalo pa't madilim.

Nagsimula raw ang Bulong nang sapian si Arnel na dating mangingisda. Isang araw, napabalitang nawala na lang siya sa lawa nang pumalaot sila ng tatay niya. Kinse anyos pa lang siya noon. Pagsapit ng gabi, nakabalik ang bangka nila lulan ang tatay ni Arnel. Wala na ito sa huwisyo. Natulala na at bukas ang bibig at basa ang harap ng T-shirt sa laway. Itinuring ng magkakapitbahay na himalang nakabalik pa ito sa aplaya kahit pa walang lumabas sa bibig niya kundi laway. Hindi pa nila alam noon na na-lock jaw ito. Natetano sa kung anumang kalawanging sumabit sa lambat nila. Ipinalagay nilang, malamang nalimutan lang niyang magsalita. Nagbabago lang ang mukha tuwing mababanggit ang pangalan ni Arnel bago bumalik sa pagkakatulala.

Mahigit dalawang linggong nawala si Arnel. Puspusan ang paghahanap sa kanya ng mga kapwa-mangingisda na naantala lang nang dumaan ang kambal na bagyong Eva at Imelda. Bumaha noon at nag-umapaw ang tilapia at bangus mula sa mga fishpen. Sa sobrang dami ng isda, bumagsak sa ₱0.50 ang kilo ng bangus, ₱0.25 naman ang tilapia. Ipinamimigay na lang 'yong gurami, martiniko, banak, biya, pati

ayungin. Kung may madakma kang dalag o hito, sa 'yo na. Ipinamigay rin 'yong double-dead na tatlong inahin at walong biik na bundat sa uod, putik, at basura. Maraming bahay ang lumubog at nawasak. Karamihan pa rito, bahay mismo ng mga mangingisdang kabilang sa naghahanap. Sa dinami-rami ng mga isdang nakawala, mga basurang inanod mula sa landfill sa mga baybaying bayan ng Rizal, wala pa rin si Arnel. Tumagal pa ang baha at dinapuan ng cholera, dysentery, dengue, at malaria ang mga nakatira sa Hagunoy, Wawa, at Tipas.

Saka lang bumalik si Arnel nang malapit nang humantong sa epidemya ang krisis. Isang lubhang napakatahimik na madaling-araw, nakita siya ng mga mangingisdang papalaot para mas makatakas sa sakit kaysa maghanapbuhay. Bigla na lang raw sumulpot si Arnel. Naglalakad sa tubig at may bitbit na isang lambat na puno ng talangka, talaba, at igat. Maraming naniwala rito. Mas marami kaysa sa mga nagsabing nakatayo lang ito sa bangka na papalapit sa aplaya. Dagdag pa nila na tumilapon si Arnel at sumubsob (o aksidenteng napahalik) sa buhangin (sa burak talaga) nang sumadsad ang bangka sa aplaya.

Hindi agad nagpakita ng kapangyarihan si Arnel. Nagsimula lang lahat sa burol ng tatay ni Arnel na inatake sa puso dahil sa sobrang tuwa sa pagbabalik ng anak. Walang kagila-gilalas na himala ang naganap. Basta lahat lang raw ng may sakit na nakiramay kay Arnel, gumaling. Nagkataon rin na may mga health outreach ang isinagawa ng isang NGO bilang tugon sa nagbabantang epidemya sa Hagunoy pero ikakaila 'yan ng mga miyembro ng Bulong.

Nagsimulang kumalat rin ang balita tungkol sa isang babaeng nakikiramay na naligaw sa kuwarto ni Arnel. Doon unang nabigkas ni Arnel ang linya.

*Huwag kang kikibo.*

Hubo't hubad na ang babaeng naligaw sa kuwarto niya.

*Huwag na huwag kang kikibo.*

May nagsabing hindi talaga naligaw ang babae. Sapilitang hinatak doon ni Arnel ang babae na hindi rin naman makapagsalita. Parang natetano. Mahigpit ang pagdiin ng kamay ni Arnel sa bibig niya.

*Huwag kang mag-iingay.*

*Magigising ang ama. Nagpapahinga si Ama.*

*Sssh.*

Bumulong-bulong si Arnel. Hindi halos marinig pero sigurado ang tono.

*Huwag kang kikibo. Ako lang itong hihipo.*

Umiiyak ang babae paglabas ng kuwarto. Inisip ng lahat na ganoon lang talaga siyang nakiramay sa namatayan. Nakiramay. Nadamay. Namatayan. Nagpakamatay.

Nabaon sa limot ang balita ng pagpapakamatay ng babae. Mas napagtuunan ng mga balita sa TV at diyaryo ang paggaling ng mga tao mula sa epidemyang dala ng bagyo. Ano ba naman raw 'yong isang nagahasa (nag-alay ng sarili, ang paniwala ng mga miyembro ng Bulong kalaunan) sa dami ng napagaling ni Arnel kahit pa, meron ngang NGO na mas malaki ang naitulong sa mga nagkasakit.

Sumikat si Arnel at simulang lumago ang Bulong. May nakapansin pang maganda ang boses ni Arnel. Sinlamig ni Johnny Mathis pero macho parang si Lou Rawls. May mga nag-alok sa kanyang mag-record ng album pero hindi niya pinatulan. Hindi raw puwede kundi maglalaho ang kapangyarihan niya. Hindi niya mapapatawad ang sarili na mamaos ang "pinakamatipunong boses sa balat ng lupa," kung hindi man sa buong Hagunoy.

Gumanda raw ang boses niya matapos mawala sa laot. Paniwala ng mga miyembro, dinukot siya ng mga sirena at walang patid silang kumanta sa buong panahong nawala siya. Maganda na ang boses niya bago nawala pero naging kakaiba nang bumalik. Tinig na mahiwaga, bumubulong-bulong, kumikiliti-kiliti sa puntong halos maging kakilakilabot.

*Huwag kang kikibo.*

At wala ngang kumibo. Nang gumaling na ang lahat, wala na silang dahilang manatiling miyembro pa ng Bulong. Nagbago rin ang boses ni Arnel. Literal na namaos. Kumalat rin ang balitang maraming babaeng miyembro ang nabuntis matapos sumapi sa kulto. Mayroon ding ilang mga lalaking miyembro ang nagsabing ginahasa sila ni Arnel pero binawi rin. Walang maniniwala sa kanila at kahiya-hiya naman na napangibabawan sila ni Arnel, na nakalalaki si Arnel sa kanilang lahat.

At gaya ng boses na puno ng hangin, naglaho ang kulto ng Bulong. Nawalan ng salita ang Bulong, naging pawang hangin. Naging hiningang hinahabol at hindi maabot-abutan.

Marami pang ibang kulto ang sumikat dahil sa seks. Nariyan 'yong Ugat na pinamumunuan ni Mario Respeto na siyang pinagmulan ng pangalan ng samahan. Ugat dahil nagmula sa kanya lahat ng miyembro na nagsimula

sa tatlong babae na binubuntis niya taon-taon. Ugat rin ang pangalan dahil napabalitang nababalutan ng matatabang ugat ang titi niya na kapag tumigas, parang may dagdag na kadyot para sa mga asawa/alipin niya. Hindi rin nagtagal ang kulto dahil malambot ang pagkatig nito sa anumang kasulatan, mapa-bibliya man o kung anong libro. Nagsimula lang raw ito bilang isang biruan ng mga magbabarkada, nagkahamunan kung sino ang unang makakapagtatag ng kulto. Napabalita rin na ang mga babaeng binuntis ni Respeto ay dating mga kasintahan ng mga barkada niyang kasama sa pustahan.

Kasabay na nabulgar ang kalokohan ng Ugat nang itinatag naman ang Hinlalato, isang kulto na pinasimunuan ni Ruben Taluktok, dating barkada at kaibigang matalik ni Respeto. Gaya ng mga unibersal na tema ng paghihiganti, itinatag niya lang ito para mabawi ang syota niya kay Respeto. Wala ngang dahilan kung bakit Hinlalato ang pangalan ng kulto niya maliban sa kakaiba ito sa pandinig at nakakaintriga. Ito rin ang call sign ng dating barkada nila—'yong pagngarat pero sa halip na gitnang daliri ang gamit, 'yong hinlalato.

Kahit pa chismis lang raw at walang bahid ng katotohanan, gamit rin daw ito sa hazing ng mga bagong miyembro na isinunod sa mga frat. Kapag nakapasa na ang neophyte sa pambubugbog, kailangan raw nilang ipasok ang kanang hinlalato sa puwet ng katabi nila at sa kaliwang butas naman ng ilong ang kaliwa. Sabay ang hazing ng mga babae at lalaki at para ipakitang hindi ito ginagawa dahil salaula lang sila o hayok sa seks, itinakda ni Taluktok na kung sino man ang lalaking titigasan o babaeng mababasa habang isinasagawa ito ay bubugbugin ulit.

Kahit mariin na pinabulaanan ni Taluktok ang bintang na ito, marami ang naniwala at ito raw marahil ang dahilan kung bakit mas matatag ang kulto na ito at nahirapang buwagin ng mga pulis. Pero dahil hindi rin nagkaugat sa anumang kasulatan, walang mapagbalingan ang mga miyembro nang tanungin sila kung bakit ba nila naisipang sumali sa kulto. Sa kalaunan, nauwi rin lang sa isang simpleng sex club ang Hinlalato at tuwing mayroon silang *halatuan* session (salitang gawa-gawa lang), ginagamit nila ang kani-kanilang hinlalato, ipinapasok sa iba't ibang butas ng katawan matapos pahiran ng pulbos ng shabu.

Nang mabuwag ang Hinlalato, muntik-muntikan namang sumikat ang Kamanyang, na itinatag ni Kiko Enciso, ang huling miyembro sa

barkadahan nina Respeto at Taluktok, na isang paraan para malimutan ni Kiko ang pagkakabuwag ng barkadahan nila. Nagsimula ito sa Isla, sa reclamation area sa Parañaque at pangunahing gawain ng grupo ang ipagdasal ang mga sinalvage at itinatapon doon. May mga panahong halos araw-araw may sinasalvage kaya ganoon rin kadalas ang pagpupulong nila. Dahil sa baho ng Isla, na nagsimula bilang isang dumpsite sa Manila Bay, kailangan nila ng kamanyang habang nagdarasal. 'Yong usok ng kamanyang ang tumulong sa kanila para matagalan ang baho pati na rin ang nakakaantok na mga litanyang binibigkas ni Enciso na nakasulat sa wikang hindi nila nauunawaan.

Kalaunan, mabubulgar na ang mga binibigkas pala ni Enciso ay lyrics ng mga kantang Aleman at Pranses. Kabilang rito ang "99 Luftballoons" ng bandang Nena, "Liberté" ni Gilbert Montagne, at "Angelina" ng bandang P.S.Y.

Noong una, akala ng karamihan, Tagalog ang salita na may puntong Pranses. Sumasabay-sabay pa sila sa pagbigkas ni Enciso: "Anzheelina/ mabahopookee mow/neeleeleebag/zhi ka nagsesabong/pahilod-hilod ka leng . . ."

Hindi na lang itinuwid ni Enciso ang mga miyembro nang una niyang marinig ito. Mahirap nang mabulgar na kanta pala ang dinadasal nila—mga kantang kahit siya, hindi niya alam kung ano ang kahulugan.

Masasabing hindi nabuwag ang Kamanyang dahil hindi naman ito pormal na naitatag katulad ng Ugat at Hinlalato na nakarehistro pa talaga sa Securities and Exchange Commission. Nasa proseso na si Enciso ng paghahain ng application sa SEC nang mabuwag ang mga kulto ng dati niyang kaibigan. Agad-agad na itinigil ni Enciso ang mga prayer meeting ng Kamanyang at hindi na muli nagtawag ng panibago dahil wala na ring itinatapong bangkay ng sinalvage sa Isla. Sa kagustuhang itago ang katiwalian ng mga pulis at militar, sa iba't ibang bahagi ng Maynila na sila nagtatapon ng bangkay gaya ng Libis sa Quezon City, Nueve de Febrero sa Mandaluyong, Pinagbuhatan sa Pasig, Sapang Palay, Pembo sa Makati, Valenzuela, Magsaysay sa Sta. Mesa, at marami pang iba. Sa halip na mga napagkamalang nanlaban o napagtripan, mga sinalot na manok at itik na lang mula sa Pateros ang tinatambak doon.

Nauso rin ang mga kulto na nagsimula bilang samahan ng fans ng mga banda. Nagsimula ito noong nauso ang Pinoy Punk noong kalagitnaan

ng dekada 80. Tribo ang tawag nila, hindi kulto at lalong hindi gang. Maraming nagsimula bilang mga tagasunod ng mga nangungunang bandang underground gaya ng Hardcore Rulers, Punkilitos, Oi Oi Kenkoy, Cupang Violators, Masinag Creepers, Inn Sa Recto, Idiot Kelots, Dead Balisongs, Boot Decay, Goth o Baboy, Rakrakan Rebels Ltd., at marami pang iba. Laging may bugbugan sa mga concert kapag nagkasama-sama na sa slampit ang iba't ibang tribo. Ugali na rin nila na dapat una silang kumutos, tumadyak, sumiko, manaksak, manlaslas, magpaputok ng nguso, mambali ng kung ano-anong buto dahil isang sigaw lang ng "Peace, Repapi" titigil agad ang rambol. (n.b., Peace, Repapi o balbal ng salitang balbal na pare-repa, repaks, repapipaks, repapips—talaga 'yan pero dahil bulol sa pagkakabangag ang mga unang nagsabi, umiksi at naging mas madaling bigkasin.)

Kahit may ilan nang nakabulagta pagkatapos ng kanta, kahit marami sa kanila, malubha ang tama—may basag ang mukha, may luwa ang bituka, may nagahasa—ayos lang lahat dahil may nagsabing, "Peace, Repapi."

Sa Unang Yugto, isang sikat na concert series na ginanap sa gilid ng Manila Bay, gawing Pasay, nagsimulang lumaganap ang mga tribo-tribo. Pagdating sa Unang Yugto IV at Unang Yugto V, palasak na ang paggamit ng dalawang salitang ito para mapahinto ang anumang insidente ng karahasan.

Isang sikat na kolumnista ang nag-ulat tungkol sa unang concert. Nakasulat sa Tagalog ang feature kahit na high society magazine ang naglathala:

> *Umakyat sa mababang stage ang banda. Hindi pa naisasaksak ng bahista ang kable sa amp niya, pumalo na ang tambolista. Sumigaw rin ang bokalista, nakipagsigawan sa feedback ng gitara. Walang tono ang kanta (punk nga e) pero may ritmo na agad-agad namang nasakyan ng fans. Ang totoo, hindi nila kailangan ng kanta. 'Yong palo lang sa tambol, puwede nang simulan at sabayan ng slampit. Ilang bara pa lang, ilang segundo pa lang ng kanta, kagulo na agad. Anarchy. Hindi, Anarki!*
>
> *Pagkatapos may naghagis ng pillbox, tatlo ang bulag at sabog ang mga kamay.*
>
> *Peace, Repapi.*
>
> *May nagpasabog ng stink bomb.*

*Peace, Repapi.*
*May nambato sa bandang tumutugtog.*
*Peace, Repapi.*
*Dumating ang pulis at barangay tanod. Nagkandarapang sumibat ang mga punkista't punkulitos.*
*Peace, Repapi.*
*Nambatuta ang mga pulis, isa-isang kinulata ang naiwang fans.*
*Peace, Repapi.*
*May wakwak ang hita.*
*Peace, Repapi.*
*Ipagpatuloy ang koro. Ulit-ulitin hanggang mamaos.*

Madalas, 'yong hazing sa tribo, hindi sinasaktan 'yong neophyte. May ipinapagawa sa kanila at hindi sila tatanggapin hanggang hindi natutupad ang misyon. Meron 'yong uutusan silang mangikil ng mga estudyanteng nagka-cutting class sa Rizal High School. Nariyan rin 'yong papasakayin sila sa jeep, mula puno't dulo, at hindi magbabayad. 'Yong isa naman, pinatulong sa lahat ng mga matatandang tumatawid sa kalye. At siyempre, hindi malilimutan 'yong grupong pinapitas ang lahat ng aratiles sa mga punong tumubo sa kahabaan ng EDSA. Ang insidenteng ito ang nagpasikat sa mga tribo at hindi 'yong naisulat sa magazine.

Nang tanungin ng reporter ang isang miyembro kung para saan ang ginagawa nila, ngumiti lang ito at tumingin sa camera bago dumukot ng ilang aratiles sa lalagyan, pinisil ang kamay at sumubo. Nag-umapaw ang katas ng aratiles sa bibig niya at inalok ang reporter. Bago matapos ang report, ipinakita naman sa video ang isa pang miyembro na hinuhubad ang pekeng leather jacket para ipakita ang malaking titik A na may bilog na parang sinasabi na ang kahulugan ng simbolong iyon ay hindi "Anarki" kundi "Aratiles."

Walang makapagsabi kung naging organisadong kulto nga o hindi ang mga tribo dahil nabuwag rin ang mga ito nang magka-edad ang mga miyembro, nang hindi na sila teenager. Natural marami ring masasamang gawain ang nagaganap sa mga tribo gaya ng mga hithitan ng marijuana, singhutan ng rugby, at 'yong regular na orgy session. Ano't ano pa man, malaking bagay ang pagtutol ng Simbahan sa mga tribo na siyang naging daan para tuluyang mabuwag at mabaon ito sa limot.

Sa kasagsagan ng paglaganap ng mga tribo at underground Pinoy punk music culture, nagkaroon ng kampanya ang Simbahan na paratangan ang

mga miyembro na Satanista. Maraming naniwala kahit pa ang basehan lang ng Simbahan ay ang paboritong itim na T-shirt ng mga miyembro. Wala silang pakialam sa kung anong tugtugan ang kinagigiliwan ng mga ito. Basta nakasuot ng itim, Satanista agad. 'Yong nakaitim na T-shirt na may tatak ng The Exploited, D.R.I., Crass, Misfits, Black Flag, Catholic Women's League, ChiRo, Knights of Columbus, Rotary, Knights of Rizal—lahat Satanista. 'Yong fans ni Snooky Serna na nakaitim na blusa—Satanista. 'Yong pulutong ng mga taong grasa sa underpass sa Recto, 'yong nangitim na ang anumang suot na masabi lang na damit—Satanista. 'Yong dalawang magbarkadang nahulog sa Tullahan Bridge dahil nagtatatakbo palayo sa mga nangingikil sa kanto—Satanista. 'Yong mga poste sa kalye na nilagyan ng palda—Satanista. 'Yong aspaltong butas-butas dahil pinagkaitan ng alkitran—Medyo Satanista. 'Yong kalawanging bubong, maninipis na dingding, makakapal na mukhang sunog sa paggala-gala sa kalye—mahigit kalahating Satanista. 'Yong usok ng tambutso, 'yong nasungkit sa ilong, sa tenga, sa mata, sa gilid ng bibig na pilit di ngumingiti para itago 'yong natitirang ngipin at bagang na nagnanana, nabubulok—sige na nga, Satanista na rin. 'Yong kapitbahay mong Amerasian, na sakto ang timpla ng kutis, ang hugis ng mukha at baywang, ang malulusog na pangarap at mabilog na pag-asang balang araw matagpuan rin ang tatay na Kano, Egoy, o basta 'yong mahusay mag-slang, fuck in hell, bullshit, dick, cunt, asshole, bitch ass punk, sonavabitch, motherfucka, fuck fuck fuck, para magkaroon ng twang ang pagbigkas ng puta-fuck, bwakanangina, punyeta, leche, burat, etits, tong-uts, pipay, wepaks, kepsy, lekat, nagkahindot-hindot, iyot, pompyang, jent, jebaks, turbito, bengton, prakers, bembang, goyukats, lipormits, eksopars, jombelakengkeng, at lahat ng mura at halos mura, pati na 'yong mga imbentong salitang malaswa lang bigkasin, sana man lang mapadulas sa dila at maging sintamis ng boses ng pari, 'yong kinakapatid ng bilas ng hipag ng matalik mong kaibigan na tinitigasan ka dahil hindi mo sigurado kung bakit—ikaw na lumulusong sa kumunoy ng imahen, salita, at diwa—lahat ng malilikot ang isip dahil pilay, dahil punggok, dahil sunog ang kalahating kilay at kuluntoy ang mga kuntil sa magkabilang tenga, lahat ng walang pasensiya, lahat ng naubusan na ng pisi, 'yong mga pisikal na pusakal, lahat ng bahagyang dalisay, matimyas, sariwa, sa sanlibutan, hanggang sa dulo ng walang hanggang bahay na puro sahig at haligi, sa ikaluluwalhati ng sansinukob, buo at di mahahati, at hindi magmamaang-maangan sa kabila ng bangketa, sa nag-iisang

ikaw, at ako at ang kalawakan na kaya mong abutin—Satanista at kalahati ng sangkapat ng kaya mong ibigay, na kung tutuusin ay lahat-lahat at tatlumpung piraso ng hiningang hinahabol-habol at malansa at malasang-malasa.

Habang nalilibang ang lahat sa araw-araw na balitang may mga Satanistang nahuli sa iba't ibang sulok na pinamumugaran ng mga kabataang nagtatayo ng banda, walang nakapansin, o mas angkop, walang nakaamoy sa pagdami ng miyembro ng KaPa. Maraming haka-haka na nagsimula ito noong patok na patok ang pabangong U d Toilet, na isa na namang dibersiyon. Palibhasa, unti-unting may nakapansin sa pagdami ng mga bulag na hindi mo talaga malalamang bulag dahil kung kumilos sila, parang walang kapansanan sa paningin.

Dahil hindi na uso ang paggamit ng kudlit at kung ano-anong mga marka (langaw o kulisap ang bansag ng mga dalubhasa sa balarila) sa mga salitang Tagalog, hindi mauunawaan ng mga unang nakapansin ang tunay na kahulugan ng KaPa. Ni wala nang makapagsabi kung ano ang ipinagkaiba ng malumay sa malumi, ng mabilis sa maragsa. May nagmagaling na maling ispeling lang ito ng Griyegong titik na Kappa. Para daw kasing isinulat lang ng mga frat sa pader ng gaya ng Upsilon Tao Omega Tao (υτοτ), Eta Tau Iota Tau Sigma (ετιτσ), Kappa Eta Phi Sigma (κεπσ), kasama na 'yong Alpha Kappa Omega na ginamit sa isang pelikulang wala na ring makaalala. Meron ding nagkalat na may kinalaman raw ito sa mga superhero sa komiks—'yong kapa ni Superman at Batman. O di naman raw kaya 'yong suot ni Dracula na ginawang pangkubli sa ngiti nitong may pangil. May tsismis ring kumalat na may kinalaman raw ito sa kung saan ito nagmula—sa Capas, Tarlac kaso lang kinapos sa titik ng makinilya. Malamang nabali 'yong tipo or natapat sa butas na bahagi ng ribbon 'yong pagtipa sa titik "s." Bago pa humaba ang kuro-kuro sa teoryang ito, may sumabat namang bakit raw "C" at hindi "K." Dahil ayaw pa ring pakawalan 'yong mungkahing galing ang pangalang ito sa pinanggalingan, baka raw sira na rin 'yong titik "c" sa makinilya.

May isang laos na reporter naman ang nag-ulat na natunton niya ang tunay na pinagmulan ng KaPa (sa Tambak, Taguig). Tuwing ikatlong Miyerkules ng buwan, lumulusong raw ang mga miyembro sa sugaan ng kalabaw sa bukid, doon sa malapit sa Laguna de Bay, magbababad sila hanggang matuyo ang putik (o bago sumikat ang araw) at idadalangin

ang kanilang mga mithiin sa buhay. Para makapagsalita na 'yong pipi. Para makatakbo na 'yong pilay. Para makakita na 'yong bulag. Para makaamoy na 'yong barado ang ilong. Para makaramdam ng init o lamig o makagat ng lamok o masundot ng talahib o mahiwa ng itak o masunog ng siga o makuryente ng baterya o mabugbog ng amain/inain o makaramdam ng libog o makaramdam ng gutom o makaramdam ng ginhawa sa buhay o makaahon sa kahirapan o makahinga ang hindi na humihinga o makahingi ang hindi na mahihingi o makangiti ang bungi o makapagmura ang minamahal o makaisip ang walang laman ang utak o magkaroon ng sisiw ang balot o magkaroon ng buto ang buto ng pakwan o magkaroon ng tama ang toma o magkandaugaga ang walang katapusang pangangalap ng pangarap o kung ano man ang wala na meron ang iba, 'yong kailangan mo ng tahimik na tahimik ang gabi, na kahit hangin, walang ganang bumulong, 'yong gabing pinapatakan raw ng mutya ng saging, 'yong gabing susundan ng mga umagang wala pa rin kahit mantekilya o manipis na hiwa ng keso 'yong pandesal, 'yong umagang ni walang pandesal, 'yong umagang wala kahit mainit na kape, kahit mainit na tubig, pati na 'yong mismong uling o kusot o panggatong na masisindihan, 'yong mahihilo ka na lang sa kaiisip o dahil sa gutom o dahil naglilihi ka pala o mababa ang dugo o mataas ang kolesterol o naparami ka ng kain ng kanin o asin o dahil sa hindi na tumitimo ang ano mang wari ng pag-inog at pag-irog at pagbaybay sa ilog ng waterlily o pag-ikot-ikot sa anumang hugis na hindi bilog o kung anumang maisip mo ngayon, anuman, alinman, sinuman, asa ka pa, asa ka pa, paulit-ulit mong bigkasin hanggang mamaos, mapagod, mautal at mawaglit ang mga naunang pantig sa kataga, asa ka pa, asa ka pa, 'yong paulit-ulit nilang ibinubulong sa sarili, tahimik ang bawat pantig na pumipintig, asa kapa, sa ka pa, sa ka pa, ka pa, ka pa, kaaaapa, kapa, KaPa!

Di nagtagal, nabunyag rin na nagpapraktis lang palang magsulat sa Tagalog 'yong reporter kaya kung saan-saan nakarating 'yong ulat niya. Bunga lang pala ng malikot na bungang-isip ito ng reporter na tubong Chula Vista, CA. Hilo pa rin siya hanggang usigin siya at usisain kung bakit niya nagawa ang panlilinlang na ito. Siya mismo, di matiyak kung panandalian lang siyang nasa Pilipinas dahil sa Peace Corps o dahil sa solidarity program ng org nilang mga South East Asian Pacific Islanders sa UCSD.

Kaya nga noong lumantad na si Cabo dela Paz, wala nang naniwala sa kanya. Napakaposible nga naman kasing ang tamang pagbigkas at

kahulugan ng KaPa ay paghipo, 'yong maramdaman sa paghawak. Wala itong kinalaman sa kultong Bulong—*Huwag kang kikibo. Ako si ____ na hihipo*. Lalo pa itong pinagtibay ng katotohanang bulag si Cabo—na natural sa kanya ang mangapa, na napansin ng karamihan sa mga nanood ng balita na, ni minsan, sa buong TV special ay hindi ginawa ni Cabo. Kung tutuusin, walang makapagsasabing bulag si Cabo kung hindi makikita ang mga mata niyang parang dalawang holeng umiikot.

"Ipinanganak ka bang ganyan?" tanong ng reporter.

"Ipinanganak na . . . makisig?" sagot ni Cabo na naghintay ng ilang saglit bago ngumiti. "Ang totoo, kasama sa panata namin bilang miyembro. Pero meron ring natural na bulag."

"'Yong mga anak ng mga miyembrong bulag?"

"Namamana ba 'yon?"

"Ay oo nga."

Nagtawanan silang dalawa. Kapansin-pansing hindi inedit ang bahaging ito ng panayam. At wala namang umangal. Matapos makabawi sa kagaguhan nilang dalawa, naging seryoso muli ang tono.

"Paano ka nabulag?" tanong ng reporter.

"Maraming paraan. Maraming pagpipilian. Gusto mong tusukin ng aspile, barbecue stick, walis tingting? Gusto mong gawin mismo o kailangan mo ng tulong mula sa ibang miyembro? Gusto mong patakan ng asido parang kulugo? Ng mainit na tubig, kumukulong mantika? Gusto mong manood ng Koreanobela, telenobela nang isang buwan nang walang tulugan? Gusto mong makipagtitigan sa araw? Sa isa pang bulag? Para sa akin, 'yong huli ang pinili ko. Tumitig ako, lumusong at nalunod sa mata ng isang bulag na miyembro. Dito ko naunawaan."

"Ang . . ."

"Na ang pagkakaroon ng mga mata ay isang ilusyon."

"Sa?"

"Na mas marami ang *makikita* kung nakapikit. Kung ipapaubaya mo ang lahat sa pakikinig. Lalong-lalo na sa pag-amoy."

Nag-focus sa mga mata ni Cabo ang camera. Nag-zoom-in at naaninag ng camera ang malamarmol na kulay nito. May nagsabing parang taho na kinanawan ng arnibal. Ginataang bilo-bilo naman ang tingin ng iba. Wala namang saysay dahil biglang natapos ang segment at ipinalabas ang commercial ng gamot sa sipon at plema.

Nang bumalik sa ere ang panayam, nakaharap sa camera ang reporter at nasa likod niya ang isang estatwang nakatakip ang ilong.

"Kilos protesta o bandalismo? Naging palasak ang magkakatulad na tanawin sa buong bansa—mga estatwang may takip ang ilong. Bago natin tapusin ang huling bahagi ng panayam kay Cabo, pakinggan muna natin ang kuwento ni Tonypet, isa sa mga tumulong ayusin ang kung ano mang mabahong panggagagong ito."

"Nahirapan nga kami kahapon," nagsimula si Tonypet. "Noong una kasi, parang nakabuhol lang sa batok ni Ninoy 'yong tarpaulin. Parang kriminal sa mga lumang pelikula. May panyo sa ilong sa halip na maskara. Hindi pala nakatali. Naka-epoxy. Kinailangan ko pang bumaba ulit sa estatwa ni Ninoy, kunin 'yong paet para matungkab lahat ng nakadikit. Buwisit talaga. Lalo pa akong naburat nang makita kong hindi lang basta-basta tapalodo ang nakadikit. Nang iangat ko nang konti, bumulaga naman sa 'kin ang kilikili ni Kris Aquino. Lalo pa itong pinaputi ng kung anong skin-whitening lotion na ibinebenta niya. Nakasisilaw, grabe. Ngayon, natatawa na lang ako. Biruin mo, habang nakakabit iyon, sinisinghot ni Ninoy 'yong kilikili . . . haha. Sa pagpigil ko sa paghagalpak noong nakatungtong ako sa mga bisig ni Ninoy, naalala ko na naman 'yong biruan namin tungkol sa estatwang ito. Paano ba naman, dahil nakatayo ito sa kanto ng Paseo de Roxas at Ayala Avenue. Sa halip na maging alaala ng paghatid ng military escort sa kamatayan niya sa tarmac, mukha tuloy pinipigilan lang si Ninoy ng dalawang kasama niya. BAWAL TUMAWID DITO. Baka mamultahan kayo ng MMDA o ng MAPSA o ni Mayor. Sa halip na kabayanihan, katarantaduhan."

Tumahimik si Tonypet na parang naghihintay ng reaksiyon sa patawa niya, pero katahimikan rin ang bumati sa kanya. Napapahid na lang siya sa ilong at parang may dinukot sa loob bago nagpatuloy.

"Natanggal rin nga namin. Pati 'yong nakatakip sa ilong ni Gabriela Silang sa Pasong Tamo. Pati 'yong kabayo niya, may piring din sa ilong. Si Heneral Pio del Pilar rin. Naging tulisan sa halip na katipunero," patuloy ni Tonypet.

Napalitan ng iba't ibang angkop na stock footage ang mukha ni Tonypet habang bumalik sa pagsasalaysay ang reporter.

"Unang nagsulputan ang pagtatakip sa ilong nitong nakaraang Semana Santa. Inakala ng marami na may gumagaya sa mga nagpipiring sa mga estatwa. May pahaging sa simbolo ng katarungan—si Lady Justice na nakapiring, dahil "bulag" raw dapat ito. Walang kinikilingan . . . maliban sa bigat ng yaman o katayuan sa lipunan.

"Marami nang gumawa nito. Kahit sa mga pelikula. At dahil nga sobrang palasak na nito, hindi na epektibong pagpoprotesta. Dahil rin

nga sa gawing ilong na nakatakip ang panyo o tela o kung anumang materyal pa, mukha namang nahulog lang. Palpak lang ang pagkakatali. Walang paninindigan," dagdag ng reporter bago sumalo sa pagkuwento si Tonypet.

"Basta mailagay lang," sabi ni Tonypet. "Unti-unting kumalat ang balita na ganoon rin ang mga estatwa sa iba't ibang bahagi ng Kamaynilaan. Si Rizal at Lapulapu sa Luneta. Kahit 'yong mga kalabaw at si San Lorenzo Ruiz na malapit sa Quirino Grandstand. Si Bonifacio sa City Hall at Monumento. Pati mga santo, hindi sinanto. 'Yong Nazareno sa Quiapo. Our Lady of Peace at lahat ng mga tao sa EDSA People Power Monument. May nagsabi na pati si General MacArthur sa Leyte meron din pero dinapuan lang pala ng ibon na kung tutuusin ay hindi rin kapani-paniwala dahil bihira lang naman makakita ng ibon o anumang hayop sa mga siyudad sa buong bansa. Hindi ko na maalala kung kailan ako huling nakarinig ng huni ng ibon. O kung kailan ako huling nakakita ng bubuli, kahit butiki sa kisame," tanong ni Tonypet sa sarili.

"Teka, mabalik tayo," sabat ng reporter bago humarap ulit sa camera.

"Mula noon, naging malinaw na ang pagprotesta, kung matatawag mang protesta ito, ay nakatutok sa ilong at hindi mata—sa pang-amoy at hindi pananaw. Wala namang grupo o indibidwal ang umako sa pagtakip ng ilong ng mga estatwa. Maugong ang bulong-bulongan na may kinalaman ito sa pabangong U d Toilet pero hangga't walang lumalantad at nagpapahayag na may kaugnayan ang mga ito, hindi ako maniniwala."